Del Rosario Christian Institute

Aralin 11

# Pagbigkas at Pag-awit nang Isahan nang may Kadalian at Tiwala ng mga Awitin, Tula, at Bugtong







#DRCilearn

## Alamin Mo

Makinig sa awit, tula, at bugtong.

### A. Awit




Leron, leron sinta
Buko ng papaya
Dala-dala'y buslo
Sisidlan ng bunga
Pagdating sa dulo
Nabali ang sanga
Kapos kapalaran
Humanap ng iba

Ako ay may lobo
Lumipad sa langit
Hindi ko na nakita
Pumutok na pala
Sayang ang pera ko
Binili ng lobo
Sa pagkain sana
Nabusog pa ako






Tong, tong, tong , tong pakitong-kitong
Alimango sa dagat
malaki at masarap

Kay hirap hulihin
sapagkat nangangagat
Tong, tong, tong , tong pakitong-kitong




Sampung mga daliri
Kamay at paa
Dalawang mata
Dalawang tainga
Ilong na maganda

Maliliit na ngipin
Masarap kumain
Dilang maliit nagsasabi
Huwag kang magsinungaling

## B. Tula

### Ang Batang Masunurin

Ako ay batang masunurin
Utos ni Nanay susundin
Utos ni Tatay gayun din
Iyan ay hindi lilimutin

Pagmamahal ay ipinakikita
Sa pagsunod sa kanila
Ang mag-anak ay sasaya
Kaming lahat ay maligaya



### Paggising sa Umaga

Sa umaga paggising
Kumo't ay tiklupin
Higaan ay ayusin
Unan ay gayundin



### Mabigyan ng Proteksiyon

Karapatan ng bata
Mabigyan ng proteksiyon
Sa taong masama
Siya ay dapat ingatan




## C. Mga Bugtong

1. Ibon kong kay dalda, ginagaya lang ang inuusal. (Loro)



2. Hakot dito, hakot doon, kahit maliit ay ipon ng ipon. (Langgam)




3. Pag munti'y may buntot, paglaki ay punggok. (Palaka)




4. Tumatanda na ang nuno, hindi pa rin naliligo. (Pusa)



5. Narito na si Pilo, sunong-sunong munting pulo. (Pagong)




6. Bagamat maliit, marunong ng umawit. (Kuliglig)



7. Isda sa tabang, kapag nasa lupa gumagapang. (Hito)



8. Malambot na parang ulap, kasama ko sa pangarap. (Ulap)



9. Bulaklak muna ang dapat gawin, bago mo ito kainin. (Saging)

